ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Kabisaan ng Paggamit ng Lokalisadong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagtataya ng Pagbasa at Komprehensyon sa Filipino

Addie Eunice P. Gantong-Comia
Universidad de Sta. Isabel Inc., Naga City, Philippines
Corresponding Author email: *addieeunice.gantong@deped.gov.ph*

**Received**: 01 September 2024 **Revised**: 03 October 2024 **Accepted**: 05 October 2024

**Available Online**: 05 October 2024

**Volume III (2024), Issue 4, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

**Abstract**

**Layunin:** Layunin ng pananaliksik na ito na malaman ang lebel ng performans ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsubok: (a) pagbasa at (b) komprehensyon; mabatid kung may makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsubok; makalap ang mga suliraning kinaharap sa paggamit ng interbensyon; at mailahad ang mga panukala batay sa kinalabasan ng pag-aaral.

**Metodolohiya:** Isinagawa ang *mixed method* sa pag-aaral na ito. Ang mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na grupo ay kapwa sumailalim sa pauna at panapos na pagsubok. Inilapat ang *quasi-experimental* para sa kwantitatibo at deskriptibo para sa kwalitatibong estratehiya. Sa kwalitatibo, gumamit ang mananaliksik ng mga gabay na tanong para sa isinagawang *Focus Group Discussion (FGD)* sa mga mag-aaral na gumamit ng nasabing lokalisadong kagamitang pampagtuturo at maging sa mga guro sa Filipino na sumuri nito.

**Resulta:** Sa simula ng pananaliksik, pantay lamang ang lebel ng performans sa pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na grupo. Sa naging resulta ng panapos na pagsubok, naging *Independent* ang lebel ng performans ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo sa pagbasa at nanatiling *Instructional* sa komprehensyon. Nanatiling *Instructional* ang lebel ng performans ng mga mag-aaral mula sa kontrol na grupo sa pagbasa at komprehensyon. Napagtanto sa pag-aaral na walang pa ring makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon batay sa resulta ng panimula at panapos na pagsubok kung estadistika ang pag-uusapan. Sa isinagawang *Focus Group Discussion (FGD)*, napag-alaman na ito ang mga suliraning kinaharap ng mga gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo: (1) hindi kaakit-akit na pabalat; (2) maling estruktura ng nilalaman; at (3) kakulangan sa oras. Ipinanukala ng mananaliksik na lubos ang pangangailangan na pagbutihin ang pabalat ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto na ito at muling siyasatin ang nilalaman nito upang maiwasto ang mga salitang mali ang baybay. Kinakailangan din ang paggamit nito nang mas matagal na panahon upang mapaglaanan ng sapat na oras ang pagbabasa nito.

**Kongklusyon:** Tunay na mas malaki ang itinaas ng *oral reading score* at *comprehension score* ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo na gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo kaysa sa kontrol na grupo. Ngunit, hindi iyon naging sapat para mabago ang antas ng pagbasa at komprehensyon nila. Ibig sabihin, sa ngalan ng estadistika, hindi sapat ang pagtaas ng mga ito upang magkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng performans ng mga mag-aaral. Nangangailangan ng pagpapayabong ng kagamitang pampagtuturo sa pag-aaral na ito. Marahil hindi rin sapat ang paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto nang isang oras lamang sa isang linggo. Buhat dito, kinakailangan ang mas matagalang paggamit ng mga mag-aaral sa lokalisadong kagamitang pampagtuturo upang makamit ang hinahangad na pagyabong ng antas ng kanilang pagbasa at komprehensyon.

***Susing Salita:*** *mixed method*, pagbasa, komprehensyon, lokalisadong kagamitang pampagtuturo

## INTRODUKSYON

Ang lokalisasyon ang nagsisilbing daan tungo sa kalayaan ng bawat paaralan na iangkop ang kurikulum sa lokal na kalagayan. Dahil dito, naipakikita ang ugnayan ng mga nilalaman ng bawat disiplina sa ginagalawan ng bawat mag-aaral. Makatutulong ito sa pagpapaunlad ng kaalaman at pag-unawa.

Kaugnay nito, sa panahon na nagsimula ang bagong normal, mas maraming mag-aaral ang nahirapang unawain ang mga aralin. Nakararanas ang karamihan ng komplikadong pagbasa at pag-unawa sa mga teksto.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Nagkakaroon sila ng kahirapan sa pag-aanalisa sa mga susing salita at hindi nila alam kung ano ang kahulugan ng nasabing salita. Marami sa kanila ang nahihirapan sa pagsusuri ng konteksto ng teksto sapagkat hindi sapat ang kaalaman at bokabularyo.Haligi na sinasandalan ng *K-12 Basic Education Curriculum* na kasalukuyang isinusulong at ipinapatupad ng Kagawaran ng Edukasyon ang lokalisasyon. Layunin ng bagong kurikulum na paigtingin ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga sagisag-kultura ng kanilang komunidad. Nakasaad sa *DepEd Order 32 s. 2015*, na nakatutulong sa paglinang ng kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral ang pagsasanib ng *localization, indigenization* tungo sa *contextualization* sa pagtuturo ng lahat ng asignatura. Susi ito upang mas mapahalagahan ng mga kabataan ang mga bagay na makikita mismo sa kanilang pook na ginagalawan kasabay ng pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa at komprehensyon.

Sa katunayan, pinakamababa sa pitumpu't siyam (79) na bansa ang nakuhang marka ng mga Pilipinong mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon ayon sa pag-aaral na isinagawa ng *Program for International Student Assessment* o PISA (2019). Dagdag pa ng *World Bank* (2022), ang Pilipinas ngayon ang may pinakamataas na *learning poverty* sa buong Asya. Sa pagtataya ng *World Bank*, siyamnapu't isang (91) bahagdan ng mga batang Pilipino o isa sa bawat sampung batang Pilipino na may edad na sampung taon ang hindi pa marunong magbasa o kaya'y hirap pang magbasa. Higit pitumpung libo (70,000) naman na mag-aaral sa Bicol ang hindi marunong magbasa, ayon sa pag-aaral ng Kagawaran ng Edukasyon (2020). Indikasyon ito na napakalaki ng pangangailangan na pagtuunan ang pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral.

Isang proseso ng magkasabay na paghalaw at pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng interaksyon at pakikipag-ugnayan sa lenggwaheng nakasulat ang pagbasa at komprehensyon. Ginamit ang mga salitang paghalaw at pagbuo upang bigyang-diin ang parehas na kahalagahan at kakapusan ng teksto bilang resulta ng pag-unawa sa binasa. Ayon sa pag-aaral ni Ravago (2015), nabanggit ni Snow (2002) na hindi lamang nakasalalay sa teksto, o sa mga aklat ang paglinang ng kasanayan sa pagbabasa kundi sa karanasan ng mambabasa. Kahit pa nasa bagong henerasyon na ang mga mambabasa, mayroon pa ring mga nahihirapang magbasa. Nahihirapan silang tumuklas at magproseso ng mga kahulugang kinakatawan ng mga simbolong nakalimbag sa bawat pahina ng aklat. Bunga ng reyalidad na ito, tinatawag ang gawaing pagbabasa na isang proseso na napakakomplikado. Ayon pa rin sa kanya, mula sa inisyal na karanasan ng pagkilala sa mga *graphemes* hanggang sa pagdalaw ng mga imaheng nananatili sa ating kamalayan, nararamdaman ng sinumang mambabasa ang salita bilang sosyal, sikolohikal, pisyolohikal, perseptwal, linggwistik at intelektwal na aktibong pakikisangkot. Nangangahulugan ito na buong pagkatao ng mambabasa ang laging kasangkot sa proseso ng pagbasa. Hindi lamang sapat na marinig ang tamang pagkakabigkas ng mga mag-aaral sa mga titik at mga salitang ipinababasa sa kanila kundi mahalaga rin ang pag-unawa sa kahulugan at mensaheng hatid ng mga katagang kanilang binasa. Sa madaling salita, napakahalaga ng komprehensyon.

Mayroong tatlong elementong kasangkot ang proseso ng pagbabasa at pag-unawa na nakapaloob sa akdang pampanitikan. Una, mambabasa na siyang umuunawa sa binasa, kasama rito ang lahat ng kanyang kakayahan, kaalaman at karanasan. Ikalawa, ang teksto na inuunawa ang anumang nakalimbag o *electronic texts* at ang pantulong na gawain na bahagi ng komprehensyon na tumutukoy sa layunin ng may-akda, mga prosesong kanyang ginamit, at maaaring kahihinatnan ng gawaing kaugnay ng pagbabasa ang ikatlo. Ang tatlong dimensyong ito ayon kay Buban (2005) sa pag-aaral ni Cordovero (2022), ang naglalatag ng isang penomenong sosyo-kultural na nagsisilbing daan upang magkaroon ng pag-uugnayan ng mga karanasan ng mag-aaral sa tekstong binasa. Nangangahulugan na hindi maaaring maihiwalay ng mambabasa ang katotohanan ng kanyang tunay na karanasan sa kapaligiran at sa kontekstong binabasa nito. Ibig sabihin, walang mabubuong pagpapakahulugan sa isang pagbabasang hindi abot ng karanasan. Dahil sa pangyayaring ito, pangunahing layunin ng edukasyon na masukat ang antas ng pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral. Nangyayari sa pagitan ng guro, mag-aaral at kapwa mag-aaral ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Kaugnay rin nito ang Republic Act No. 10533 seksyon 10. na humihikayat sa pagbuo at pagpaparami ng mga kagamitang pampagtuturo. Naniniwala ang mananaliksik na malaki ang maiaambag ng pag-aaral na ito upang mapataas ang antas ng pagbasa at komprehensyon sa tulong ng lokalisadong babasahin. Inaasahang lumikha ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo at kapaligiran para sa kanyang mga mag-aaral ang mga guro. Kapaligirang mayroong aktibong interaksiyon sa pagitan ng guro at sa kanyang mag-aaral at mag-aaral sa kanyang kapwa mag-aaral at kapaligirang mayroong mahusay na klasrum na pangwika at panitikan.

Dahil dito at sa pagsasaalang-alang ng inilahad sa itaas, dagdag pa ang pagiging isang guro sa Filipino ng mananaliksik na tahasang nasasaksihan ang suliranin sa pagbasa at komprehesnyon sa panahon ngayon, inaasahang ang pag-aaral na ito ang magiging tulay upang matukoy ang lebel ng performans at makatulong sa pagpapaunlad ng pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral gamit ang isang lokalisadong kagamitang pampagtuturo.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Layunin**

Nilayon ng pananaliksik na ito na mabatid ang kabisaan ng paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino, maging ang lebel ng performans ng mga respondenteng mag-aaral ng Pambansang Mataas na Paaralan ng San Isidro, Libmanan, Camarines Sur.

Inaasahang masagot ng pag-aaral na ito ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang lebel ng performans ng kontrol at eksperimental na pangkat ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagsubok?
    a. Pagbasa at
    b. Komprehensyon
2. May makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga mag-aaral sa kontrol at eksperimental na pangkat base sa resulta ng pauna at panapos na pagsubok?
3. Anong mga suliranin ang makikita sa paggamit ng interbensyon?
4. Ano ang maipapanukala sa kagamitang pampagtuturo batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

**Sapantahang Nais Mapatunayan**

May makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga mag-aaral sa kontrol at eksperimental na grupo batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsubok.

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Isinagawa sa pag-aaral na ito ang *mixed method.* Ayon sa disenyong *quasi-experiment* ang kwantitatibong bahagi at paraang deskriptibo naman sa kwalitatibo. Kinapalooban ang *quasi-experiment* ng uri ng pagsisiyasat na mayroong malalimang pag-unawa, may layuning matukoy ang kabisaan ng ginawang lokalisadong kagamitang pampagtuturo at ang makabuluhang pagkakaiba ng performans ng mga mag-aaral sa kontrol at eksperimental na grupo batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsubok. Sa kabilang dako, sa kwalitatibong bahagi ng pag-aaral, mainam na inilapat ang deskriptibong pamamaraan ng pagpapaliwanag ng mga impormasyong inilahad sa pananaliksik na ito.

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Sa kwantitatibong bahagi, naging respondente ng pag-aaral na ito ang mga mag-aaral na nasa ika-7 antas sa Pambansang Mataas na Paaralan ng San Isidro, bayan ng Libmanan, lalawigan ng Camarines Sur, panuruang taon 2023-2024, Seksyon 7- Quirino, at Seksyon 7-Laurel. Samantala, sa kwalitatibo naman, ang apatnapu't limang (45) mag-aaral na kabilang sa Eksperimental na Grupo na nakaranas ng interbensyong ginamitan ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo, maging ang limang (5) guro sa Filipino na sumuri ng nasabing kagamitang pampagtuturo.

**Kagamitan sa Pagkuha ng Datos**

Ginamit ng mananaliksik ang *standardized test* mula sa Phil-IRI *(Philippine Informal Reading Inventory)* sa kwantitatibong bahagi ng pag-aaral na ito para sa pauna at panapos na pagsubok upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng performans ng mga mag- aaral. Sariling disenyo ng mananaliksik ang lokalisadong kagamitang pampagtuturo na maaaring gamitin ng mga mag-aaral tungo sa mabilis na pagbasa at pag-unawa. Gumawa ang mananaliksik ng sariling disenyo ng lokalisadong babasahin na sinuri ng mga eksperto. Pagkatapos nito, isinagawa ang kwalitatibong bahagi sapamamagitan ng *Focused Group Discussion (FGD)*. Sinuri din ng tatlong (3) gurong espesyalisado at dalubhasa sa Filipino ang mga katanungan.

**Pangangalap ng Datos**

Kinalap ang mga datos sa pamamagitan ng pagsasagawa ng paunang pagsubok, interbensyon, panapos na pagsubok at *Focus Group Discussion (FGD).* Sinundan ito ng pagsisiyasat ng mga resulta batay sa layunin ng pag-aaral at pagsunod sa mga alituntunin sa pagsasagawa ng pananaliksik.

**Interpretasyon at Pagsusuri ng Datos**



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Ginamit ang *Mean* upang mailahad ang numerikal na representasyon ng antas ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon matapos isagawa ang pauna at panapos na pagsubok.

Ginamit ang *Anova* upang malaman ang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon maging ang kabisaan ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng pagbasa at komprehensyon.

Sinundan ito ng *Focus Group Discussion (FGD)* para sa kwalitatibong bahagi ng pananaliksik. Isinagawa ito nang mayroong limang (5) pagpapangkat na binubuo ng 10 miyembro at tinukoy ang mga suliraning kinaharap sa paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo. Pagkatapos, binigyang pansin ng mananaliksik ang pagsusuri at pagsisiyasat ng resulta.

**Etikal na Konsiderasyon**

Dumaan sa masusing proseso ang pananaliksik na ito. Hiningi ng mananaliksik ang kaukulang permiso sa mga indibidwal na sangkot sa isinagawang pag-aaral upang maging balido at magkaroon ng de-kalidad na resulta.

Hiningi ang pahintulot sa pamunuan ng paaralan ng San Isidro ng mananaliksik hinggil sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito. Binigyan ng impormasyon tungkol sa magiging proseso ng pag-aaral na ito ang mga mag-aaral sa ikapitong baitang maging ang kanilang mga magulang. Malinaw na naipaliwanag ang layunin ng pag-aaral. Binigyan sila ng kalayaang makilahok o tumanggi sa pakikiisa sa nasabing pag-aaral. Naging pribado ang mga datos na nakuha mula sa bawat mag-aaral.

**PAGLALAHAD at PAGSUSURI ng RESULTA**

**Lebel ng Performans ng Dalawang Pangkat ng mga Mag-aaral sa Pauna at Panapos na Pagsubok: (a) Pagbasa (b) Komprehensyon**

*Pagbasa*

Mula sa resulta ng pauna at panapos na pagsubok, makikita sa talahanayan 1 ang resulta ng eksperimental at kontrol na grupo sa pagbasa na binubuo ng: oras na ginugol, *reading rate,* hindi wastong pagbigkas, *oral reading score,* at antas ng pagbasa.

Sa Oras na Ginugol (segundo) ng eksperimental na grupo, makikita sa paunang pagsubok ang *mean* na 49.7 at 101.85 naman sa panapos na pagsubok. Samantala, ang kontrol na grupo, mayroong *mean* na 101.65 sa paunang pagsubok at 171.7 sa panapos na pagsubok. Makikita sa resulta na sa simula ng pag-aaral, malaki ang pagkakaiba ng eksperimental na grupo at kontrol na grupo sa oras na kanilang ginugol sa pagbabasa. Sa paunang pagsubok, napakabilis magbasa ng eksperimental na grupo kumpara sa kontrol na grupo. Ngunit sa panapos na pagsubok, bagaman kapwa tumaas ang oras na ginugol ng dalawang grupo, makikita na higit na tumaas ang oras na ginugol ng nasa eksperimental na grupo.

Talahanayan 1
Resulta ng Pauna at Panapos na Pagsubok ng Eksperimental at Kontrol na Grupo sa Pagbasa

| | Paunang Pagsubok | | Panapos na Pagsubok | |
|---|---|---|---|---|
| | Eksperimental na Grupo | Kontrol na Grupo | Eksperimental na Grupo | Kontrol na Grupo |
| Oras na Ginugol (Segundo) | 49.7 | 101.65 | 101.85 | 171.7 |
| *Reading Rate* | 84.1 | 86.65 | 107.15 | 89.0 |
| Hindi Wastong Pagbigkas | 4.7 | 5.8 | 3.05 | 4.30 |
| *Oral Reading Score* | 92.08 | 91.65 | 97.4 | 94.55 |
| Antas ng Pagbasa | Instructional | Instructional | Independent | Instructional |

Batayan: 97 – 100- Independent 90 – 96- Instructional 89 – pababa- Frustration



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Kasunod nito, natukoy ang *Reading Rate* gamit ang bilang ng mga salita sa tekstong binasa at oras na ginugol. Makikita pa rin sa talahanayan na ang *Reading Rate* ng eksperimental na grupo sa paunang pagsubok ang mayroong *mean* na 84.1 at 107.15 naman sa panapos na pagsubok. Samantala, ang kontrol na grupo, mayroong *mean* na 86.65 sa paunang pagsubok at 89.0 sa panapos na pagsubok. Kitang-kita na kapwa tumaas ang *reading rate* ng dalawang grupo. Ngunit kung pagtutuunan ng pansin ang panapos na pagsubok, matapos gamitin ng eksperimental na grupo ang lokalisadong kagamitang pampagtuturo, tunay na malaki ang pagbabago ng kanilang *reading rate.* Nangangahulugan ito na natuto silang magbasa para sa pagproseso ng impormasyon at hindi lamang pagbabasa para sa mabilis na pagbasa.

Batay sa resulta, maaaninag na tunay na nakapangkat ang mga respondenteng mag-aaral sa paraang *heterogeneous* kung saan, magkakaiba ang kakayahan *(skills)* at kaisipan nila kaya naman, iba-iba rin ang oras na ginugol nila sa pagbabasa. Nakaangkla ang resultang ito sa tinuran ni P. A. Afflerbach (2012) na isinaad sa pag-aaral ni San Pablo (2022), na iba't iba ang interes at kakayahan ng isang tao at nakakaapekto ito sa bilis ng pagbabasa. Pinatunayan na iba-iba ang bilis ng pagbabasa ng tao at apektado ito ng maraming salik. Magkakaiba ang mga salik na ito mula sa isang tao patungo sa isa pa, kaya natural na magkakaiba-iba rin ang bilis ng pagbabasa.

Pagdating naman sa Hindi Wastong Pagbigkas, sa eksperimental na grupo, makikita sa paunang pagsubok ang *mean* na 4.7 at 3.05 naman sa panapos na pagsubok. Samantala, ang kontrol na grupo, mayroong *mean* na 5.8 sa paunang pagsubok at 4.30 sa panapos na pagsubok. Nangangahulugan ito na mayroon pa ring hindi wastong pagbigkas na nagagawa sa pagbabasa ang mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na grupo. Sa eksperimental na grupo, matapos gamitin ang lokalisadong kagamitang pampagtuturo, mas malaki ang kabawasan na naganap sa bilang ng maling pagbigkas nila kumpara sa kontrol na grupo. Nangangahulugan ito na mayroong epekto sa pagbaba ng bilang ng maling pagbigkas ang paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo.

Ang resultang ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Bogale (2018) - kung saan pinalutang niya ang katotohanang malaki ang epekto ng paglikha ng iba't ibang estratehiya at kagamitang pampagtuturo upang mapayabong ang antas ng pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral.

Pagdating naman sa *Oral Reading* Score, makikita rin sa talahanayan blg. 1 na sa paunang pagsubok, nakakuha ang Eksperimental na Grupo ng *oral reading score* na 92.08 at may Antas ng Pagbasang *'Instructional'.* Samantala, nakakuha ang Kontrol na Grupo ng *oral reading score* na 91.65 at may Antas ng Pagbasang *'Instructional'.* Malinaw na sa simula ng pag-aaral, pasok ang kapwa grupo sa saklong na 90-96, kaya parehas *'Instructional'* ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na grupo.

Sa panapos na pagsubok, nakakuha ang Eksperimental na Grupo ng *oral reading score* na 97.4 at may Antas ng Pagbasang *'Independent'.* Samantala, nakakuha ang Kontrol na Grupo ng *oral reading score* na 94.55 at nanatiling may Antas ng Pagbasang *'Instructional'.* Malinaw na tumaas ang lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo na siyang gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo.

Lubos na kinailangan ang ibayong pagpapaunlad ng performans sa pagbabasa. Maging ang napatunayan sa pag-aaral ni Catungal (2021) na napakahalagang kasanayan ang pagbasa sa buhay ng isang mag-aaral ay napagtibay rin. Kailangang magpakita ng mataas na lebel ng pagbasa at komprehensyon ang isang mahusay na mag-aaral.

Bilang karagdagan, tunay nga ang tinalakay ni Baer (2017) na nakatutulong sa paglinang ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa mga bagay na makikita mismo sa kanilang pook na ginagalawan ang pagsasanib ng lokalisasyon at indigenization tungo sa kontekstwalisasyon sa pagtuturo sa lahat ng asignatura. Nakatutulong din ito upang mabigyan ng kalayaan ang mga paaralan upang iangkop ang kurikulum sa lokal at iugnay ang nilalaman nito sa proseso ng pagtuturo sa kapaligirang lokal. Mapahahalagahan ang biyaya at likas na kagandahan sa sariling pook na mas epektibong paraan din ng pagpapaunlad ng antas ng pagbasa.

Dahil dito, nararapat lamang ang patuloy na paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo sapagkat napapataas nito ang lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral. Kinakailangan ng ibayong patnubay at gabay ng guro sa paggamit ng nasambit na kagamitang pampagtuturo at pagsubaybay sa antas ng performans sa pagbasa ng mga mag-aaral.

*Komprehensyon*

Mula pa rin sa resulta ng pauna at panapos na pagsubok, makikita naman sa talahanayan 2 ang resulta ng eksperimental at kontrol na grupo sa komprehensyon na mayroong nakatalang: *comprehension score* at antas ng komprehensyon.

Nakabatay ang *comprehension score* sa bilang ng tamang sagot na nakuha ng mga mag-aaral sa mga katanungang kanilang sinagutan. Makikita sa talahanayan 2 na sa paunang pagsubok, nakakuha ang eksperimental



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

na grupo ng *comprehension score* na na may *mean* na 68.80. Mayroon itong katumbas na antas na *'Instructional'.* Samantala, nakakuha ang kontrol na grupo ng *comprehension score* na may *mean* na 62.22. Naglalarawan ang *comprehension score* na 62.22 ng *'Instructional'.*

Talahanayan 2
Resulta ng Pauna at Panapos na Pagsubok ng Eksperimental at Kontrol na Grupo sa Komprehensyon

| | Paunang Pagsubok | | Panapos na Pagsubok | |
|---|---|---|---|---|
| | Eksperimental na Grupo | Kontrol na Grupo | Eksperimental na Grupo | Kontrol na Grupo |
| *Comprehension Score* | 68.09 | 62.22 | 75.80 | 67.01 |
| Antas ng Komprehensyon | Instructional | Instructional | Instructional | Instructional |

Batayan: 80 – 100- Independent   59 – 79- Instructional   58 – pababa- Frustration

Sa kabilang dako, makikita rin sa panapos na pagsubok na nakakuha ang eksperimental na grupo ng *comprehension score* na may *mean* na 75.80 na may katumbas na antas na *'Instructional'.* Ang kontrol na grupo naman ay mayroong *comprehension score* na may *mean* na 67.01. Naglalarawan ang *comprehension score* na 67.01 ng *'Instructional'.*

Tunay na mas malaki ang itinaas ng *comprehension score* ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo na gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo kaysa sa kontrol na grupo. Ngunit, hindi iyon naging sapat para mabago ang antas ng komprehensyon nila. Sa aspektong komprehensyon, sa pauna at panapos man na pagsubok, pasok ang mga resulta ng eksperimental na grupo at kontrol na grupo sa saklong na 59-79. Nangangahulugang kapwa nanatili ito sa antas na *'Instructional'.*

Kung sisiyasatin ang resulta ng pauna at panapos na pagsubok sa komprehensyon, malinaw na walang pagbabago sa lebel ng performans ang eksperimental at kontrol na grupo. Nangangahulugan na lubos ang pangangailangan na pagtuonan ng pansin ang komprehensyon ng mga mag-aaral.

Ayon sa Teoryang *Connectionism* ni Thorndike, nagmumula ang kaalaman kapag nabuo ang malakas na koneksyon at pagsasama sa pagitan ng istimyulus at pagtugon. Isa itong mahalagang teorya sa larangan ng sikolohiya lalo't higit sa edukasyon, partikular na sa pag-aaral ng pagkatuto. Nag-uugnay ang teoryang ito kung paano natututo ang mga hayop at tao sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan sa lugar na kanilang kinabibilangan at ginagalawan. Nagbigay ng mahalagang pananaw ang teoryang ito sa proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano ang mga koneksyon sa pagitan ng *stimuli* at *responses* ay nakakaapekto sa pagbuo ng mga bagong kaalaman at kasanayan. Sa resulta ng antas ng komprehesnyon, ang lokalisadong kagamitang pampagtuturo ang naging *stimuli* upang mas maengganyo ang mga mag-aaral na magbasa at umunawa. Ngunit, hindi naging sapat ang panahong iniukol sa paggamit nito kaya hindi lubosang pagyabong ang nakamit na *response* o tugon.

Sa kabuoang paghahambing ng dalawang grupo, masusuri na sa pagbasa, mas mataas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral na gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto kaysa sa kontrol na grupo na dumaan sa tradisyonal na mga kagamitan. Sa komprehensyon naman, magkatulad lamang ang antas ng grupong gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto at ang kontrol na grupong hindi gumamit nito.

Kung ang lebel ng performans sa pagbasa ang pagtutuunang-pansin, lubos na nakatulong ang lokalisadong kagamitang pampagkatuto sa pagpapayabong ng antas ng pagbasa ng bawat mag-aaral. Pinagtibay ang resultang ito ng mga pag-aaral nila Labindao (2022), Nanad (2021), Culla (2021) at Visconde (2018) na nagsasabing mas epektibo at angkop ang paggamit ng mga lokalisadong kagamitang pampagkatuto para sa pagpapayabong ng lebel ng pagbasa at komprehensyon. Mas aktibo rin sa loob ng klase ang mga mag-aaral na ginagamitan ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto.

Subalit sa kabila nito, kinailangang bigyang-pansin ang lebel ng performans sa komprehensyon sapagkat hindi nagbago ang antas ng eksperimental na grupo maging ng kontrol na grupo batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsubok. Hindi nakakuha ng mataas na marka ang dalawang grupo. Marahil hindi naging sapat ang panahong inilaan sa paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo o dili kaya'y hindi sapat ang mga nakapaloob na katanungang magpapalago sa pag-unawa ng bawat mag-aaral.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Nakasuporta rito ang pahayag ni (Sanchez, 2017) na nararapat lamang na bigyang-pansin ng mga guro ang mga gawaing napapatungkol sa pagbabasa lalong-lalo na sa paghasa ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyang panahon, ang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ang isa sa pangunahing tungkulin ng mga guro sa wika

Dagdag pa, mainam na paraan ng pagtuturo ng komprehensyon ang pag-unawang naman na nagmula sa lokal na pananalita at padadaluyin sa mas papahirap na konteksto. (Ahmadi, 2016) Maaaninag sa mga nasambit ang kahalagahan ng mga karanasan o kaalaman sa nakaraan upang mas maging epektibo ang pagbasa at matiyak ang komprehensyon. Makatutulong ang pagigiging pamilyar ng mambabasa tungkol sa kaniyang binabasa upang masiguro ang epektibong pagkatuto at pag-unawa.

Nangangailangan nang mas mahabang panahon upang masanay at mapalago ng bawat mag-aaral ang lebel ng kanilang komprehensyon. Marahil hindi sapat ang paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto nang isang oras lamang sa isang linggo. Buhat dito, kinakailangan ang mas matagalang paggamit ng mga mag-aaral sa lokalisadong kagamitang pampagtuturo upang makamit ang hinahangad na pagyabong ng antas ng kanilang komprehensyon.

**Makabuluhang Pagkakaiba sa lebel ng Performans ng Dalawang Pangkat ng mga Mag-aaral Batay sa Resulta ng Pauna at Panapos na Pagsubok: (a) Pagbasa (b) Komprehensyon**

*Pagbasa*

Makikita sa talahanayan 3 ang makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng performans ng eksperimental at kontrol na grupo sa pagbasa na mayroong nakatalang: *source, Df, Sum of Square, Mean Square, F Value* at interpretasyon.

Talahanayan 3
Makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng performans ng Eksperimental at Kontrol na Grupo sa Pagbasa

| Source | Df | Sum of Square | Mean Square | F Value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Grupo | 1 | 127.69 | 127.69 | 1.1266 | NS |
| Pauna at Panapos na Pagsubok | 1 | 95.94 | 95.94 | 0.8464 | NS |
| Error | 1 | 113.34 | 113.34 | | |
| Kabuoan | 3 | 336.45 | | | |

Makikita sa talahanayan ang eksperimental na grupo na sumailalim sa interbensyong paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo. May antas ng kalayaan na 1, na nagpapakita ng isang independent variable ang sinusuri at 127.69 na *Sum of Squares* na tumutukoy sa kabuuang pagbabagong naganap sa kanilang performans. Mayroong *Mean Square* na 127.69 at *F Value* na 1.1266, na nagpapakita ng *ratio* ng pagbabago na ipinaliwanag ng Grupo 1 kumpara sa error. Mayroong interpretasyon na NS o *Not Significant* na nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng eksperimental na grupo kumpara sa kontrol na grupo.

Tumutukoy ang pauna at panapos na pagsubok sa pagbabagong naganap na maaaring maiugnay sa mga pagsusuri na isinagawa bago at pagkatapos ng interbensyon. Mayroong antas ng kalayaan na 1, na nagpapakita na isang independent variable ang sinusuri at *Sum of Squares* na 95.94 na nagpapakita ng kabuuang pagbabago sa pagganap na maipapaliwanag ng paghahambing ng pauna at panapos na pagsusuri. 95.94, na *Mean Square* at *F Value* na 0.8464 at nagpapakita ng *ratio* ng pagbabago ng pauna at panapos na pagsusuri kumpara sa *error*. Mayroong interpretasyon na NS o *Not Significant* na nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba batay sa mga resulta ng pagsusuri bago at pagkatapos ng interbensyon.

Ang *Error* na tumutukoy sa hindi maipaliwanag na pagbabago sa pagganap, na hindi maaaring maiugnay sa mga grupo o pagsusuri, mayroong antas ng kalayaan na 1 at *Sum of Square* at *Mean Square* na 113.34 na nagpapakita ng kabuuang pagbabago na hindi maipaliwanag ng mga grupo.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Ibig sabihin, sa ngalan ng estadistika, hindi sapat ang pagtaas ng oral reading scores ng mga mag-aaral upang magkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng performans sa pagbasa. Ipinakita ng talahanayan na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap sa pagbasa sa pagitan ng Eksperimental at Kontrol na Grupo, tulad ng ipinapakita ng mga *F values* at ng interpretasyong "NS." Iminumungkahi nito na hindi sapat ang naging epekto ng eksperimentong interbensyon para makalikha ng pagkakaiba sa pagganap o performans ng mga mag-aaral.

*Komprehensyon*

Makikita sa talahanayan 4 ang makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng performans ng eksperimental at kontrol na grupo sa komprehensyon na mayroong nakatalang: *source, Df, Sum of Square, Mean Square, F Value* at interpretasyon.

Talahanayan 4
Makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng performans ng Eksperimental at Kontrol na Grupo sa Komprehensyon

| Source | Df | Sum of Square | Mean Square | F Value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Grupo | 1 | 17.629 | 17.629 | 0.3522 | NS |
| Pauna at Panapos na Pagsubok | 1 | 16.234 | 16.234 | 0.3278 | NS |
| Error | 1 | 49.52 | 49.52 | | |
| Kabuoan | 3 | 83.378 | | | |

Makikita sa talahanayan ang eksperimental na grupo na sumailalim sa interbensyong paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo. May antas ng kalayaan na 1, na nagpapakita ng isang independent variable ang sinusuri at 17.629 na *Sum of Squares* na tumutukoy sa kabuuang pagbabagong naganap sa kanilang performans. Mayroong *Mean Square* na 17.629 at *F Value* na 0.3522, na nagpapakita ng *ratio* ng pagbabago na ipinaliwanag ng Grupo 1 kumpara sa error. Mayroong interpretasyon na NS o *Not Significant* na nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng eksperimental na grupo kumpara sa kontrol na grupo.

Tumutukoy ang pauna at panapos na pagsubok sa pagbabagong naganap na maaaring maiugnay sa mga pagsusuri na isinagawa bago at pagkatapos ng interbensyon. Mayroong antas ng kalayaan na 1, na nagpapakita na isang independent variable ang sinusuri at *Sum of Squares* na 16.234 na nagpapakita ng kabuuang pagbabago sa pagganap na maipapaliwanag ng paghahambing ng pauna at panapos na pagsusuri. 16.234, na *Mean Square* at *F Value* na 0.3278 at nagpapakita ng *ratio* ng pagbabago ng pauna at panapos na pagsusuri kumpara sa error. Mayroong interpretasyon na NS o *Not Significant* na nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba batay sa mga resulta ng pagsusuri bago at pagkatapos ng interbensyon.

Ang Error na tumutukoy sa hindi maipaliwanag na pagbabago sa pagganap, na hindi maaaring maiugnay sa mga grupo o pagsusuri, mayroong antas ng kalayaan na 1 at *Sum of Square* at *Mean Square* na 49.52na nagpapakita ng kabuuang pagbabago na hindi maipaliwanag ng mga grupo.

Ipinakita ng talahanayan na walang makabuluhang pagkakaiba sa performans sa komprehensyon sa pagitan ng Eksperimental at Kontrol na Grupo, tulad ng ipinapakita ng mga *F values* at ng interpretasyong "NS." Iminumungkahi nito na hindi sapat ang naging epekto ng eksperimentong interbensyon para makalikha ng pagkakaiba sa pagganap o performans ng mga mag-aaral.

Mababalik-tanaw na mula sa panimulang pagsubok sa pagbasa ng mga mag-aaral na gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo, *Instructional* ang kanilang antas at naging *'Independent'* sa panapos na pagsubok. Samantala, nanatiling *Instructional* ang lebel ng performans sa komprehensyon. Mahihinuha mula rito na mayroong pagyabong ngunit hindi ito sapat upang magkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa ngalan ng estadistika. Marahil, kinakailangan talaga ng mas ibayong paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto sa mas mahabang panahon. Sa kabuoan, bilang konklusyon, hindi sapat ang pagtaas ng *oral reading scores* at *comprehension scores* ng mga mag-aaral upang magkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng performans sa pagbasa at komprehensyon.

Ayon nga sa Teoryang *Connectionism* ni Thorndike, nagmumula ang kaalaman kapag nabuo ang malakas na koneksyon at pagsasama sa pagitan ng istimyulus at pagtugon. Nagbigay ng mahalagang pananaw ang teoryang ito


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

sa proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano ang mga koneksyon sa pagitan ng *stimuli* at *responses* ay nakakaapekto sa pagbuo ng mga bagong kaalaman at kasanayan. Sa resulta ng antas ng pagbasa at komprehensyon, ang lokalisadong kagamitang pampagtuturo ang naging *stimuli* upang mas maengganyo ang mga mag-aaral na magbasa at umunawa. Ngunit, hindi naging sapat ang panahong iniukol sa paggamit nito kaya hindi lubosang pagyabong ang nakamit na *response* o tugon.

Tunay na naging limitasyon ng pag-aaral na ito ang oras na ginugol ng mga mag-aaral sa paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo. Dagdag naman ni Castillo (2021), napakadaling isagawa ang lokalisasayon sapagkat nagagamit ang mga isyu, pangyayari o kagamitan sa isang tiyak na lokal. Lubos nitong pinagtuunan na kailangang gamitin ng mga guro ang lokalisasyon sa pagpapataas ng lebel ng pagbasa at komprehensyon kasabay ng pagsubaybay sa pagkatuto ng mag-aaral. Patunay na kailangan ang ibayong paggamit ng isang lokalisadong kagamitang pampagtuturo nang pangmatagalan at tuluyan, maging ang paglalanan ito ng sapat na oras.

**Suliraning Nakita sa Paggamit ng Interbensyon na Lokalisadong Kagamitang Pampagtuturo**

Mula sa isinagawang *Focus Group Discussion (FGD)* ng mananaliksik sa mga mag-aaral at guro sa Filipino na sumuri at gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo, nakalap ng mananaliksik ang mga suliraning nakita sa paggamit nito bilang interbensyon sa pagpapayabong ng lebel ng performans sa pagbasa at komprehensyon. Ang mga sumusunod ang kailangang pagtuonan ng pansin batay sa mga kasagutan ng mga respondente: (1) Hindi kaakit-akit na pabalat; (2) Maling estruktura ng nilalaman; at (3) Kakulangan sa oras ng paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo.

*<u>Hindi Kaakit-akit na Pabalat</u>*

Nagpapahiwatig ang komentong ito na ang disenyo, kulay, at pangkalahatang hitsura ng pabalat ay hindi nakakaengganyo at hindi nagbibigay ng sapat na interes sa mga mambabasa. Napakahalaga ng pabalat ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral na basahin ito. Kinakailangan ng pabalat na makakaengganyo sa kanila na gamitin ang nasabing kagamitan at upang mapayabong ang lebel ng performans sa pagbasa at komprehensyon. Ang sumusunod ang mga naging tugon ng mga respondente hinggil sa kahinaan ng pabalat:

> *"Mas mainam kung magpagawa sa isang layout artist. Mas marami silang alam hinggil sa mas magandang disenyo na angkop sa lokalisadong kagamitang pampagtuturo na ito."* (Respondente 1, 2024)
>
> *"Hindi ito kaakit-akit."* (Respondente 2, 2024)
>
> *"Maganda siguro kung buong bondpaper ang gamitin at hindi booklet type dahil medyo maliit."* (Respondente 3, 2024)
>
> *"Hindi maganda ang print quality."* (Respondente 4, 2024)
>
> *"Gumamit ka ng vellum paper o kahit na anong mas makapal na klase ng papel. Napakanipis nito at kapag nabasa, mabubura."* (Respondente 5, 2024)
>
> *"Kulang sa pagiging malikhain."* (Respondente 6, 2024)

Sa puntong ito, natamo na ang *point of saturation* sapagkat magkakatulad na ang mga pahayag at puna hinggil sa pabalat ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo.

Hindi nga matatawaran ang kakayahan ng mga *layout artist*. Mas mainam na sila ang lumikha ng pabalat ng isang babasahin upang mas maging maganda ito. Sila ang nakakaalam sa wastong estilo at disenyo para sa isang mas kaakit-akit na pabalat. Isa rin sa suliranin ang kalidad ng pagkaka-imprenta. Kinakailangan na malinaw ang bawat detalye ng kagamitang pampagtuturo. Dagdag din ang kalidad ng papel na mas mainam umano kung *vellum paper* ang gagamitin sapagkat makapal ito at magagamit nang mas pangmatagalan.

Tunay na kinakailangang maging kaakit-akit ang pabalat ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto maging ang kabuoang hitsura nito. Hindi dapat maliitin ang kahalagahan ng pabalat sa isang babasahin. Ito ang unang impresyon na makukuha ng isang mambabasa, at maaaring magpasya kung babasahin nila ang libro o hindi. Sa madaling salita, dapat itong maging kaakit-akit, nagbibigay ng ideya sa paksa, at nag-uudyok sa pagbabasa. Maaaring magpasya ang isang mahusay na pabalat kung babasahin ng isang tao ang libro o hindi.

*<u>Maling estruktura ng nilalaman</u>*


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN REGEARCHERS RUN

Kinakailangan na wasto at angkop ang nilalaman ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo. Nararapat na nakaangkla ito sa layuning mapayabong ang lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon. Kinakailangang masuri ito at matiyak na kapaki-pakinabang ang nilalaman. Ang sumusunod ang mga suliraning kinaharap hinggil sa nilalaman ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo batay sa tugon ng mga respondente:

*"Mayroong mga Typo errors."* (Respondente 1, 2024)

*"Ang ibang mga salita ay nakasulat sa malaking titik kahit hindi naman dapat."* (Respondente 2, 2024)

*"May mga pilian na iba ang font size o font style. Baka akalaing iyon agad ang sagot."* (Respondente 3, 2024)

*"Ang liit ng text size. Dapat 12 pataas para sa ika-7 baitang."* (Respondente 4, 2024)

*"May mga maling bantas."* (Respondente 5, 2024)

*"May mga salitang mali ang baybay."* (Respondente 6, 2024)

Mahalaga talaga ang pagbuo ng maayos na nilalaman ng mga lokalisadong kagamitang pampagtuturo. Kinakailangan itong suriin ng mabuti upang angkop sa pagkatuto ng bawat mag-aaral. Napakahalaga ng pagiging wasto ng bantas at baybay sa nilalaman ng isang babasahin dahil ito ang nagbibigay ng kalinawan, kredibilidad, at pagiging propesyonal sa isang akda. Tumutulong ang tamang paggamit ng bantas sa pag-unawa ng mga mambabasa sa mensahe ng may-akda. Nagbibigay ng mga pahiwatig ang mga tuldok, kuwit, at iba pang bantas sa pagbabasa at tumutulong na pagtuunan ang mga pangungusap at mga ideya. Maaaring magdulot ng kalituhan at hindi pagkakaunawaan ang maling paggamit ng bantas. Nakaangkla ito sa pag-aaral nila Mon (2019) at Yilmaz (2022) na nagsaad ng mas maigting na pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto na lokalisado ang nilalaman. Lokalisado man, ngunit nararapat na wasto pa rin ang lahat at walang bahid ng kamalian ang nilalaman.

*<u>Kakulangan sa oras ng Paggamit</u>*

*"Kulang sa oras."* (Respondente 1, 2024)

*"Nagmamadali po ako sa pagbabasa kaya hindi ko po nasagutan ng maayos."* (Respondente 2, 2024)

*"Bawal po iuwi sa bahay. Kulang po ang isang oras dito sa paaralan."* (Respondente 3, 2024)

*"Hindi mainam na tuwing biyernes ito ginagamit. Marami ang mga mag-aaral na lumiliban sa klase sa araw na ito."* (Respondente 4, 2024)

Sa mga tugon na ito mahihinuha na kailangan ng mahaba at sapat na oras sa paggamit ng kagamitang pampagkatuto upang makamit ang pagtaas ng lebel ng performans sa pagbasa at komprehensyon. Mababalik-tanaw rin na mula sa panimulang pagsubok sa pagbasa ng mga mag-aaral na gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo, *Instructional* ang kanilang antas at naging *'Independent'* sa panapos na pagsubok. Samantala, nanatiling *Instructional* ang lebel ng performans sa komprehensyon. Mahihinuha mula rito na mayroong pagyabong ngunit hindi ito sapat upang magkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa ngalan ng estadistika. Marahil, kinakailangan talaga ng mas ibayong paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto sa mas mahabang panahon. May kaugnayan ito sa pahayag ni Collier (2019) na nagsabing maituturing na isang pangangailangan ang pagbabasa at mahabang panahon na igugol dito. Dagdag pa niya, ito ang basehan ng pagtatagumpay ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan maging sa kanilang buhay.

Bagaman may mga isyu at suliranin ang lokalisadong kagamitang pampagtuturong ginamit upang mapayabong ang lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon. Malaki umano ang naging tulong nito sa mga mag-aaral at kaguruan.

Ayon nga sa isang mag-aaral na gumamit nito, "Mas natuto po akong magbasa at nakakaengganyo kasi napupuntahan ko po ang mga lugar na isinaad sa akda." "Masaya po itong basahin dahil pamilyar po ako sa lugar na sinasabi sa kuwento." Dagdag pa ng isa.

Sinang-ayunan din ito ng ilang mga gurong kasali sa *Focus Group Discussion* of FGD. "Aktibo ang mga mag-aaral, kasi alam nila ang lugar na binabanggit sa kuwento. Malaking tulong din ito dahil may magagamit na kami. Hindi na lang pagtataya gamit ang Phil-IRI, bagkus may gagamitin na biloang interbensyon. Sana mag-imprenta ang paaralan ng marami nito para may magamit ang mga estudyante.", anila.

Mas pinagtibay ng resulta ng *Focus Group Discussion* (FGD) na ito ang mga pag-aaral nila Castillo (2021) at Policarpio (2018) na nagsabing napakadaling isagawa ang lokalisadong kagamitang pampagkatuto sapagkat


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

nagagamit ang mga isyu, pangyayari o kagamitan sa isang tiyak na lokal. Lubos itong epektibo para sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sang-ayon din rito ang pananaliksik ni Cadiz (2018), kung saan lubos na tinatanggap ng mga guro ang nabuong lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa Filipino dahil sa mainam ito na kagamitang makatutulong sa paglinang ng maayos at magandang proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa loob ng paaralan.

**Maipapanukala Batay sa Kinalabasan ng Pag-aaral**

Mula sa *Focus Group Discussion (FGD)* na isinagawa ng mananaliksik sa mga mag-aaral at guro sa Filipino na sumuri at gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo, narito ang panukala ng mananaliksik hinggil sa lokalisadong kagamitang pampagtuturo batay sa kinalabasan ng pag-aaral.

Kinakailangang ayusin ang kabuoan ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto batay sa mga isinaad na suliranin sa pabalat man o sa nilalaman nito. Kinakailangan na muli itong siyasatin at kumuha ng *layout artist* para pagandahin ang panlabas na anyo nito. Kailangan din na makipag-ugnayan sa *Reading Coordinator* upang sa susunod na taong-panuruan, magamit ito nang mas matagal upang maging iinstrumento sa pagpapayabong ng kakayahan ng mag-aaral sa pagbabasa at pag-unawa ng teksto.

Batay sa resulta, lubos na kinakailangan na pagbutihin ang panlabas na hitsura at nilalaman ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto maging ang paggamit nito. Napakaraming mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagyabong ng lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon. Ngunit ang kagamitang ito'y mas kaengga-engganyo dahil pamilyar ang mga mag-aral sa mga lugar na itinampok sa bawat kuwento. Kinakailangan lamang maging bukas ang isip at positibong pananaw upang mas mapaganda ang kagamitang ito para na rin sa kapakinabangan ng mga mag-aaral.

Mayroong kaugnayan sa pangkasalukuyang pag-aaral na binuo ng mananaliksik ang Aptitude –Treatment Interaction (ATI) ni Cronbach at Snow sapagkat naglalayon itong bumuo ng bagong disenyo sa pagtuturo ng pagbasa at pagpapayabong ng komprehensyon. Naniniwala ang kanilang teorya nakinakailangan ang tamang paggamit ng epektibong estratehiya at kagamitan sa pagtuturo maging ang pagiging angkop nito sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, minabuti ng mananaliksik na ayusin ang lokalisadong kagamitang pampagkatuto batay sa panukala ng mga respondente sa isinagwang *Focus Group Discussion (FGD).* Patuloy na naniniwala ang mananalksik na ang isang lokalisadong kagamitang pampaguturo ay magdudulot ng makabuluhang pagyabong sa pagbasa at komprehesnyon nng mga mag-aaral.

**Kongklusyon at Rekomendasyon**

Batay sa naging resulta ng paunang pagsubok, *Instructional* ang lebel ng performans ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo sa pagbasa at komprehensyon. *Instructional* din maging ang lebel ng performans ng mga mag-aaral mula sa kontrol na grupo sa pagbasa at komprehensyon. Batay naman sa naging resulta ng panapos na pagsubok na ginawa matapos ang paggamit ng interbensyong lokalisadong kagamitang pampagkatuto, naging *Independent* ang lebel ng performans ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo sa pagbasa at nanatiling *Instructional* sa komprehensyon. Sa kabilang dako, nanatiling *Instructional* ang lebel ng performans ng mga mag-aaral mula sa kontrol na grupo sa pagbasa at komprehensyon. Napagtanto sa pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon batay sa resulta ng panimula at panapos na pagsubok gamit ang estadistikang *Annova*. Nangyari ito sapagkat bagaman tumaas ang lebel ng eksperimental na grupo sa pagbasa, hindi sapat ang pagtaas ng iskor na ito kung estadistika ang pag-uusapan.

Sa kabilang dako, batay sa resulta ng isinagawang Focus Group Discussion o FGD ng mananaliksik sa mga mag-aaral at gurong gumamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo na nilikha, sinasabing ang mga suliraning kinaharap ay: (1) Hindi kaakit-akit na pabalat; (2) Maling estruktura ng nilalaman; at (3) Kakulangan sa oras ng Paggamit ng Lokalisadong Kagamitang Pampagtuturo. Ang pabalat ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo na nilikha ay hindi kaakit-akit kaya hindi maengganyo ang mga mag-aaral na gamitin ito. May ilang mga salita rin sa nilalaman na mali ang pagkabaybay na maaaring magbuhat sa pagkalito. At ang huli, hindi umano sapat ang oras na nilaan sa paggamit nito lalo ito ay naka-iskedyul tuwing biyernes kung kalian maraming mag-aaral ang liban sa klase.

Sa kabuoan, kapakipakinabang nang lubos ang lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa pagpapayabong ng lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon. Nakatutulong na nga ito sa pagpapayabong ng lebel ng performans sa pagbasa at komprehesnyon, napapalawak pa ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga tatak lokal. Gayonpaman, ang mga suliranin at panukalang nasambit ay nagsisilbing hamon sa



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN RESEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

paggamit nito. Kinakailangan lamang ang agarang pagtugon sa mga isyu ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo na ito.

Batay sa mga nasambit, mas mainam na isagawa ang paunang pagsubok na naglalayong mataya ang lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbabasa at komprehensyon sa pagsisimula ng taong-panuruan. Makabubuti ito dahil masisiguradong mahaba ang panahong mailalaan para sa interbensyong isasagawa batay sa lebel ng performans sa pagbasa at komprehensyon na knailang matatamo. Mainam din na ipagpatuloy ang paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagkatuto sapagkat napataas nga nito ang lebel ng performans sa pagbasa. Inirerekomenda ng mananalikksik ang paggamit nito nang mas mahabang panahon kasabay ng paggabay ng guro. Kung gagamitin ito sa layuning mapayabong ang lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehensyon, kinakailangan ng tiyak na *time frame* sa paggamit nito. Mainam din kung hindi lamang tuwing biyernes ito gagamitin. Maaari ring magbigay ang guro ng iba pang gawaing kaugnay sa mga nilalaman ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo upang mapayabong ang lebel ng performans sa komprehensyon. Dagdag pa rito, kailangang bigyang tugon at solusyon ang mga suliraning inisaad sa paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo na ito. Mainam na gamitin ito ng mga guro sa Filipino upang hindi na manatiling imbentaryo ang mga datos hinggil sa lebel ng performans ng mga mag-aaral sa pagbasa at komprehesnyon, bagkus magamit ito bilang interbensyon at solusyon para sa mga mag-aaral na nahihirapang magbasa at umunawa.

**SANGGUNIANG TALA**

Afflerbach, P. (2012). Developing Engaged Readers in School and Home Communities*. Journal of Literacy Research*. https://doi.org/10.4324/9780203052976

Ahmadi, M. R. (2016). The Impact of Motivation on Reading Comprehension. *International Journal of Research in English Education*, (March 20, 2017), 1–7.

Baer, R. P. (2017, November 17). Kontekstuwalisasyon at Lokalisasyon sa Edukasyon. PressReader.

Bogale, Y. N. (2018). *EFL students' writing achievement via the execution of scaffolding strategies instruction.* System, 125, 103439. https://doi.org/10.1016/j.system.2024.103439

Buban, R. S. (2005). *Filipino Pagbasa Sa Ating Panahon K' 2002 ed*. Rex Bookstore.

Cadiz, D. (2018). *Lucbanin ating kilalanin: Lokalisadong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa baitang 4*. Southern Luzon State University: Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Lucban, Quezon.

Castillo, G. H. D. (2021). Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, Taong Panuruan 2020-2021 [Research Paper]. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, *5*(1), 275–281. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/06/ZK2156275281.pdf

Catungal, M. C. (2021). Antas ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang Gamit ang Philippine Informal Reading Inventory. *Dyornal ng Edukasyon at Araling Panlipunan*, 2(2).

Cordovero (2022). *Penomenong Sosyokultural ng mga Mag-aaral* [Unpublished master's thesis]. SDO Roxas City.

Culla, A. (2021). *Activity Enriched Workbuk at Kasanayan sa Pagpapalawak ng Talasalitaan*. LSPU

*DepEd: Non-readers figure in Bicol premature.* (2020, February 17). Department of Education. https://www.deped.gov.ph/2020/02/17/deped-non-readers-figure-in-bicol-premature/

Department of Education. (2015, July 29). *Adopting the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework*. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2015/07/DO_s2015_32.pdf



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

In, S. (2023, July 25). *PISA rankings | PISA results | PISA ranking 2019*. SCHOOL IN. https://schoolinreviews.com/pisa-results-published-in-dec-2019-which-countries-score-the-highest-and-why/

Labindao, J. D. (2022). Localized self-learning module in reading. *International Journal of Research Publications*, 102(1). https://doi.org/10.47119/ijrp1001021620223275

Mon, A. (2019). Worktext Sa salin Ng panitikan Ng daigdig Sa mga mag-aaral NASA ikaapat Na taon Ng president ramon magsaysay State University (Worktext in translated world literature of fourth year students of president ramon magsaysay State University). *SSRN Electronic Journal*. https://doi.org/10.2139/ssrn.3793586

Nanad, R. (2021). *Modyul ng mga Suplemental na babasahin bilang kagamitang pampagtuturo na nobela at pagpapayaman ng talasalitaan*. College of Teacher Education. Laguna State Polytechnic University. San Pablo City Campus.

Pabellano, M. (2023). Localized Storyboard of Tayabasin Texts and Level of Reading Comprehension and Vocabulary Enrichment. *Peer Reviewed Journal*, 9(8).

Philippines. Congress. (2012). An Act Enhancing the Philippine Basic Education System by Strengthening its Curriculum and Increasing the Number of Years for Basic Education, Appropriating Funds Therefor and for Other Purposes. In *Republic Act No. 10533*.

Policarpio, P. (Ed.). (2018). *Teaching Grammar Using Localized Instructional Materials among Multilingual Learners*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/344164100_Teaching_Grammar_Using_Localized_Instructional_Materials_among_Multilingual_Learners/citation/download

Ravago, M., (2015). *Epekto Ng Pamamaraang Komiks Sa Antas Ng Komprehensyon Sa Pagbasa* [Master'sthesis]. https://www.academia.edu/31234619/EPEKTO_NG_PAMAMARAANG_KOMIKS_SA_ANTAS_NG_KOMPREHENSYON_SA_PAGBASA_Bilang_Bahagi_ng_Pangangailangan_sa_Titulong_Master_ng_Sining_sa_Pagtuturo_ng_Filipino

San Pablo. (2022). *Hangganan ng Suporta at Antas ng Pagkatuto batay sa Estilo ng mga Mag-aaral sa Baitang Pito ng Don M. Gonzalvo Memorial High School* [Unpublished master's thesis]. Universidad de Sta. Isabel de Naga Inc.

Sanchez, M. (2017). Pagbasang May Pag-unawa o Reading Comprehension.

Snow, C. E., & Science and Technology Policy Institute. (2002). *Reading for understanding: Toward an R&D program in reading comprehension*. Rand Corporation.

Visconde, L. (2018). The Effect of English Classroom Tasks In Contextualized and Localized on Students' Performance. *Journal of Physics Conference Series*, *1179*(1), 012077. https://doi.org/10.1088/1742-6596/1179/1/012077

World Bank, UNESCO. (n.d.). *Philippines - Learning poverty brief - 2022*. World Bank. https://documents.worldbank.org/en/publication/documents-reports/documentdetail/099000207152223103



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Yilmaz, E. (2022). Developing a Reading Comprehension Support Program for Primary School Students with Specific Learning Disabilities. *International Journal of Progressive Education*, 18(4), 4.